



PAGMAMAHAL TULAD NG KAY KRISTO

P. Jean Rollin I. Flores, SSP

Kapag ang ating batayan ng pagmamahal ay kung gano kadalas natin sinasabi o naririnig ang salitang “*I love you*,” “*Labyu*,” o “Mahal kita,” masasabi nating napakadaling magmahal. Sa totoo lang, talaga namang madaling magmahal kung minamahal din tayo. Madaling mahal in ‘yung taong mabuti sa atin, mapagbigay, maunawain, malumanay, mapagpatawad, malambing... Madali talagang mahal in ‘yung “karapat-dapat” mahal in.

Pero ang utos sa atin ni Jesus ay hindi lang ang magmahalan tayo, kundi magmahalan “katulad” ng pagmamahal niya sa atin. Paano ba tayo minahal ng Panginoon? Ipinahihiwatig niya sa ebanghelyo kung paano: “Wala nang pagmamahal na hihigit pa sa pag-aalay ng sariling buhay alang-alang sa mga kaibigan niya.” At ganun nga ang ginawa niya para sa kanyang mga kaibigan (ang kanyang mga alagad noon, ngayon, at sa darating pang mga panahon) nang yakapin niya ang kamatayan sa krus. Sa madaling salita, ang pagmamahal pala ni Jesus ay nangangahulugan ng malaking sakripisyo para sa ikabubuti

ng kanyang minamahal. Alam na natin ngayon ang ibig sabihin nito: namatay si Jesus (ngunit muling nabuhay) para magkaroon tayo ng buhay na walang-hanggan. Kung ganun, hindi pala madali ang magmahal gaya ng pagmamahal ni Jesus.

Si Muelmar “Toto” Magallanes ay isang labinwalong taong gulang na *construction worker* na dating nakatira sa tabing ilog sa Barangay Bagong Silangan sa Quezon City. Noong ika-26 ng Setyembre 2009, sa kasagsagan ng Bagyong Ondoy, katulong ang kanyang tatay at isang kapatid na lalaki, inilikas ni Toto ang buong pamilya nila palayo sa tumataas na tubig sa ilog. Nang matiyak niyang ligtas na ang kanyang pamilya, bumalik si Toto sa kanilang lugar para ilitgas naman ang iba pa nilang mga ka-barangay na maaaring malunod sa baha. Nagpabalik-balik siya hanggang sa mahigit sa 30 katao pa—bata at matanda—ang nasagip niya sa tiyak sanang pagkalunod. Sa bandang huli, pagkatapos niyang ilitgas ang isang magina, sa kasamaang-palad, nabagsakan si Toto ng isang konkretong pader na agad niyang ikinamatay. Kinabukasan

na nang malaman ng pamilya ni Toto ang nangyari sa kanya. Sabi ng kanyang inang si Aling Maria Luz: “Nag-alala talaga ako na baka nga mapahamak siya. Alam kong mahusay siyang lumangoy pero merong bumubulong sa puso ko na hindi ko maipaliwanag. Naisip kong maaaring hindi ko na siya makita ulit.”

Ang kuwento naman ni Menchie Peñalosa, na iniligtas din ni Toto kasama ng kanyang anak na sanggol na babae: “Napakabilis ng mga pangyayari. Nang makaakyat kami sa bubong, saka naman gumuho ang bahay namin. At tinangay na kami ng anak ko ng baha. Iniisip kong mamatay na kami nang maramdaman kong may kamay na kumapit sa ‘kin at hinila kami pataas para huwag lumubog... Ibinigay niya ang kanyang buhay para sa akin at sa aking anak. Hindi ko makakalimutan ang sakripisyong ginawa niya. Habang-buhay akong magpapasalamat sa kanya.”

Kinilala si Toto ng *Time Magazine* bilang isa sa sampung bayani ng taong 2009. Pero ang totoo, hindi lang isang kabayanihan ang ginawa ni Toto. Tanong ng kanyang inang nagdadalamhati: “Bakit siya kailangang mamatay? Ako na lang sana ang namatay.” Walang makabuluhang sagot kundi “namatay si Toto dahil nagmahal siya sa kapwa gaya ng pagmamahal ni Kristo sa atin.” Katulad ng sinasabi ng isang awit, ang pag-ibig na ipinakita ni Toto ay “pagbibigay na hindi nagtatantiya ng halaga at hindi naghihintay ng kapalit.”

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Is 48:20)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Buong galak na ilahad upang marinig ng lahat ang ginawang pagliligtas ng Panginoong malakas. Aleluya ang ihayag!

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Malapit nang tapusin ni Jesus ang misyong ipinagkatiwala sa kanya ng Ama. Sa nalalapit na pagbalik niya sa Ama, sinasabi niya sa mga alagad na dumating na rin ang kanilang takdang panahon. Kailangang maging mga saksi sila ng kanyang pag-ibig, humayo sa daigdig at mamunga nang masagana.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B—Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(lahat ay dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako’y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Jesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, gawin mong sa masasayang araw na ito ng aming pagdiriwang sa pagkabuhay ni Kristo kami’y makaganap ng pagdiriwang na wagas upang ang aming ginugunita ay lagi naming matupad sa gawa sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa

(Gawa 10:25–26, 34–35, 44–48)

(Umupo)

Taliwas sa lumang paniniwala ng mga Judio na sila lamang ang maliligtas, pinagkalooban ng Espiritu Santo ang mga Hentil ng biyaya ng kaligtasan. Tinanggap ni Pedro ang katotohanang ito at hindi siya nagdalawang-isip na binyagan ang mga Hentil.

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

SINALUBONG ni Cornelio si Pedro at nagpatirapa sa harapan nito at sumamba. Ngunit sinabi ni Pedro, “Tumindig kayo. Ako’y

tao ring tulad ninyo. Ngayon ko lubusang natanto na walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit saang bansa.”

Nagsasalita pa si Pedro nang bumaba ang Espiritu Santo sa mga nakikinig ng salita. Namangha ang mga mananampalatayang Judio na kasama ni Pedro, sapagkat ang mga ito ay pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Narinig nila ang mga Hentil na nagsasalita sa iba’t ibang wika at nagpupuri sa Diyos. Kaya’t sinabi ni Pedro, “Tulad natin, sila’y pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Sino pa ang makahahadlang na binyagan sila sa tubig?” At iniutos niyang binyagan sila sa pangalan ni Jesukristo. Pagkatapos, hiniling nila kay Pedro na manatili roon ng ilang araw.

— Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 98)

T—Panginoong nagliligtas sa tanang bansa’y nahayag.

Amante

1. Pa - ngi - no - ong nag - li -

3. lig - tas sa ta - nang ban - sa'y

7. na - ha - yag.

1. Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay,/ pagkat yaong ginawa n’ya ay kahanga-hangang tunay!/ Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan,/ walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay. **(T)**

2. Ang tagumpay niyang ito’y siya na rin ang naghayag,/ sa harap ng mga bansa’y nahayag ang pagliligtas./ Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad. **(T)**

3. Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas./ Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas!/ Magkaingay na may

galak, yaong lahat sa daigdig;/ ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit! (T)

Ikalawang Pagbasa (1 Jn 4:7–10)

Sinusupil ng pag-ibig ang pagkamakasarily, poot, mga masamang palagay sa kapwa. Sapagkat hindi lamang nagmumula sa puso ng tao ang pag-ibig kundi sa Diyos rin na siyang unang umibig sa sangkatauhan.

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

MGA PINAKAMAMAHAL: Mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig. Ang bawat umiibig ay anak ng Diyos, at kumikilala sa Diyos. Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang suguin niya ang kanyang bugtong na Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya. Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos kundi tayo ang inibig niya at sinugo ang kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpatawad ng ating mga kasalanan.

— Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Jn 14:23) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Ang sa aki’y nagmamahal, tutupad sa aking aral, Ama’t ako’y mananahan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Jn 15:9–17)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG PANAHOON ayon: Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Kung paanong iniibig ako ng Ama, gayon din naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig. Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig; tulad ko, tinutupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako’y nananatili sa kanyang pag-ibig.

“Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang makahati kayo sa kagalakan ko at malubos ang inyong kagalakan. Ito ang

aking utos: mag-ibigan kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo. Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. Kayo’y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang mga utos ko. Hindi ko na kayo inaaring alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, inaari ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama. Hindi kayo ang pumili sa akin; ako ang pumili at humirang sa inyo upang kayo’y humayo at mamunga, at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo. Ito ang iniutos ko sa inyo: mag-ibigan kayo.”

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Jesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Manalangin tayo sa Ama taglay ang kababaang-loob at

pagtitiwala tulad ng kay Jesus upang manatili tayong ganap sa kanyang pag-ibig. Sabihin natin:

T—Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

L—Para sa mga may katungkulan sa Simbahan at pamahalaan: maglingkod nawa sila alinsunod sa pag-ibig ng Diyos upang umiral ang katarungan, kapayapaan, at katotohanan. Manalangin tayo: (T)

L—Para sa mga hindi nakaranas ng pagmamahal, at mga nasaktan dahil sa karahasan: hilumin nawa ng Panginoon ang mga sugat sa kanilang puso upang maranasan nila ang galak na dulot ng kanyang wagas na pag-ibig. Manalangin tayo: (T)

L—Para sa mga pamilya: matutunan nawa nilang umunawa, magpatawad, at magbigayan sa isa’t isa. Manalangin tayo: (T)

L—Para sa mga relihiyoso at relihiyosa: maging daluyan nawa sila ng lakas at galak lalo na para sa mga nagdurusa dulot ng kahirapan at karahasan. Manalangin tayo: (T)

L—Para sa mga yumao: makapiling nawa nila ang Diyos sa kanyang kaharian sa langit. Manalangin tayo: (T)

P—Ama naming mapagmahal, dinggin mo ang aming mga panalangin upang lumago kami sa pag-ibig at maging karapat-dapat na tawaging mga anak mo.

Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen.



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha,

paakyat mo sa iyong piling sa kalangitan ang aming mga panalanging kalakip ng haing mga alay upang ang mga pina-gindapat mong gawing dalisay ay maging marapat na makasalo sa piging ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Jesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Prepasyo (*Pagkabuhay V*)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang katawan ng Anak mong sa krus nabayubay ay handog ng pag-ibig na walang kapantay. Ito ang paghahaing ganap mong kinalugdan. Ito ang nilungati ng dating pag-aalay. Ang buong sarili ng Anak mong si Jesus ay inihain sa iyo upang kami'y matubos. Siya ang dambana at paring naghahandog. Siya pa rin ang tupang handog na ibinukod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo... (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Jesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Misalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Misalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607 88953416

sambuhay.missalette@gmail.com marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymisalettePH Facebook.com/sambuhay.missalette

ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinaabang

(*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon

(Jn 14:15–16)

Kung ako ay mamahalin, mga utos ko'y tutupdin at sa inyo'y susuguin Patnubay sa inyong piling. Aleluya ay awitin.

Panalangin Pagkapakinabang

(*Tumayo*)

P—Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa pagkabuhay ng iyong Anak ay papakinabangin mong lagi sa kanyang lakas bilang bungang masagana ng dulot mong pagliligtas sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik*)

Ang Diyos na tumubos at kumupkop sa inyo pakundangan sa Pagkabuhay ni Hesukristo ay siya nawang magpala sa inyo ng kaligayahang magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Kayong pinagkalooban ng Manunubos ng walang maliw na kalayaan ay pakamtin nawa niya ng kanyang pamanang buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Dahil kayo ay kaisa niyang bumangon mula sa kamatayan pakundangan sa pananampalataya at binyag kayo nawa'y makatambal ng mga nasa kalangitan pakundangan sa inyong mabuting pamumuhay ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Humayo kayo sa kapayapaan at paglingkuran ang Diyos at ang inyong kapwa.

B—Salamat sa Diyos.